KO SA TIGRENG LUNGSOD MANDALUYONG, MANGYAYARI SA 22-23 AGOSTO

Ang tinaguriang Tigreng Lungsod (*Tiger City*) ng Filipinas, ang isa sa mga unang lungsod na nagpaunlak para sa pagsasanay ng Korespondensiya Opisyal (KO) at Implementasyon ng E.O. 335 sa 22-23 Agosto, Lungsod Mandaluyong.

Inaatasan ng Atas Tagapagpagganap (EO 335) ang lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan na magsagawa ng hakbang para magamit ang wikang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Sa dalawang araw na workshop/seminar, sasailalim ang mga kawani ng Mandaluyong sa mga seminar at workshop hinggil sa Ortograpiyang Pambansa, Manwal sa Masinop na Pagsulat, at Korespondensiya Opisyal.

Mangunguna sa mga tagapanayam si Virgilio S. Almario, Tagapangulo ng KWF at Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan, sa kaniyang panayam sa Ortograpiyang Pambansa.

Tatalakayin at magbibigay ng pagsasanay sa KO ang batikang manunulat na si Rogelio Mangahas at dalubhasa sa wika na si Leonida Villanueva.

Dadalo sa unang araw ng programa sina Alkalde Benjamin C. Abalos, Jr. at Pangalawang Alkalde Edward G. Bartolome.

Ipinalabas pa noong 2o Mayo 2014 ng Kagarawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan (DILG) ang Memo Sirkular 2014-62. Hinihikayat ng memo na ito ang lokal na pamahalaan na suportahan ang implementasyon ng EO 335 sa pamamagitan ng paglahok sa mga pagsasanay na isinasagawa ng KWF.

“Mainam ang seminar/workshop na ito para sa Lungsod Mandaluyong dahil patunay ito na nais nilang isabay ang wikang Filipino sa tinatamasang kaunlaran ng lungsod,” sabi ni Tagapangulong Virgilio S. Almario.